CITY OF SAN JOSE
CAPITAL OF SILICON VALLEY

Abril 9, 2024

**PAUNAWA SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG:**
**IMINUMUNGKAHING PAGBABAGO SA SINGIL SA SERBISYO NG SANITARY SEWER AT PAGGAMIT**

Ang Konseho ng Lungsod ng San José ay magsasagawa ng pampublikong pagdinig sa mga iminungkahing pagbabago sa rate sa:

**Martes, Hunyo 4, 2024 sa ganap na 1:30 p.m.**
San José City Hall Council Chambers
200 East Santa Clara Street
San José, CA 95113

Ang talakayan sa mga rate ay magaganap kapag ang usapin ay maaaring madinig pagkatapos ng pagsisimula ng pulong. Ang mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ay maaaring daluhan nang personal at panoorin ang streaming sa SanJoseCA.gov/CivicCenterTV.

Kung nais mong iprotesta ang mga iminungkahing pagbabago sa rate, dapat matanggap ng Lungsod ang iyong nakasulat na protesta bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig sa Hunyo 4, 2024.

**Paghiling sa Abisong ito sa Iba pang mga Format at Wika**

Alinsunod sa Americans with Disabilities Act, ang liham na ito ay maaaring makuha kapag hiniling sa mga alternatibong format gaya ng braille, large print, audiotape, o flash drive.

Ang mga kahilingan ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 535-3500 (Voice) o (800) 735-2929 (California Relay System).
SanJoseCA.gov/RateNotices

**Epektibong Petsa ng mga Pagbabago sa Rate**

Kung inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng San José (Konseho ng Lungsod) ang mga iminungkahing pagbabago ng rate sa pampublikong pagdinig sa Hunyo 4, 2024, ang isang pangkalahatang pagtaas ng pondo sa programa ng serbisyo ng sanitary sewer na hanggang 9% ay magiging epektibo sa Hulyo 1, 2024. Kung hindi inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang mga iminungkahing pagbabago sa rate, ang kasalukuyang rate ang mananatiling epektibo. Ang paunawang ito ay tinutukoy ang pinakamataas na **potensyal** na rate sa Singil sa Serbisyo ng Sanitary Sewer at Paggamit. Ang **aktuwal** na mga iminungkahing pagbabago sa rate ay maaaring mas mababa kapag iniharap sa Konseho ng Lungsod para sa pag-apruba. Para sa tulong sa pagtukoy sa halaga ng iminungkahing pagsasaayos ng rate sa iyo, mangyaring tawagan ang Lungsod ng San José Customer Contact Center sa (408) 535-3500.

Ang pinakamataas na epekto para sa bawat kategorya ng kustomer ay nakalista sa nakapaloob ng talahanayan na kinabibilangan ng taunan at buwanan na detalye ng mga gastos. Mangyaring tandaan na para sa karamihan ng mga ari-arian, ang Singil sa Serbisyo ng Sanitary Sewer at Paggamit ay isinasama sa Singil sa Storm Sewer sa taunang singil sa buwis sa ari-arian at kinokolekta ng County ng Santa Clara**. Ang abisong ito ay nauugnay lamang sa Singil sa Serbisyo ng Sewer at Paggamit**. **Ang iminungkahing pagtaas ng rate ay hiwalay at bukod sa Singil sa Storm Sewer, na hindi nagbabago.**

## Dahilan para sa mga Iminumungkahing Pagbabago ng Rate

Ang sistema ng Sanitary Sewer ay batay sa pagbawi ng buong gastos mula sa mga nagbabayad ng rate at hiindi sinusuportahan ng anumang iba pang mapagkukunan ng pagpopondo. Ang mga rate para sa mga serbisyong ito ay huling itinaas noong Hulyo 2022, at nananatiling pinakamababa sa rehiyon. Ang iminumungkahing pagtaas ay magbibigay-daan sa Lungsod na matiyak ang patuloy na inaasahang mga serbisyo ng utilidad habang pinoprotektahan ang kalusugan ng publiko at ang San Francisco Bay.

Ang Mga Singil sa Serbisyo ng Sanitary Sewer at Paggamit ay binabayaran ng residensyal, institusyon, komersiyo, at industriya na gumagamit ng sistema ng sanitary sewer. Ang singilin ay sinasaklaw ang mga gastos na nauugnay sa San José-Santa Clara Regional Wastewater Facility (Pasilidad) at 2,000-milya na sistema ng koleksyon ng alkantarilya ng San José, kabilang ang mga operasyon at pagpapanatili, at mga pagpapahusay ng kapital at kagamitan.

***Mga Pangangailangan sa Pagpopondo ng Pasilidad ng Wastewater sa Rehiyon*** – Ang Pasilidad na ito ay matagumpay na nagsisillbi sa komunidad sa loob ng mahigit na 60 taon, walang tigil na nagtatrabaho upang protektahan ang ating kalusugan, ang look (bay), at ekonomiya. Ang mga tumatandang tubo, bomba, konkreto, at de-kuryenteng sistema ay nangangailangan ng agaran at pangmatagalang pansin upang maipagpatuloy ang matagumpay na operasyon sa hinaharap. Ang Pasilidad ay nasa gitna ng mahalagang pagpapabuti ng kapital, pinatataas ang pagiging pagsasarili nito sa pamamagitan ng paggamit ng renewable energy pati na rin ang mahigpit na pagsusuri at pagpapatupad ng mga makabagong sustenableng teknolohiya. Habang ang Pasilidad ay nagiging makabago at nagpapatupad ng mga pagbabago sa proseso ng pagtrato, ang mga karagdagang gastos sa operasyon ay inaasahang nauugnay sa paglipat mula sa tradisyunal na proseso ng drying bed tungo sa onsite dewatering ng mga biosolid sa 2025. Kabilang sa mga karagdagang dahilan ng pagtaas ng mga gastos ay ang mga inflationary factor para sa paghakot ng mga kemikal at solid waste pati na rin ang pagtiyak ng pagsunod sa mga mas mahigpit na regulasyon sa kapaligiran.

***Mga Pangangailangan sa Pagpopondo ng Sistema ng Sanitary Sewer*** – Ang sistema ng sanitary sewer, gaya ng Pasilidad, ay nangangailangan din ng karagdagang mapagkukunan upang maipagpatuloy ang operasyon at pagpapanatili ng sistema sa paraang sumusunod sa mga regulasyon. Ang mga karagdagang mapagkukunan ay idaragdag upang matugunan ang mga patuloy na isyu sa pagpapanatili at ang mga bagong kagamitan ay bibilhin upang mapabuti ang pagiging epektibo ng paglilinis ng linya ng imburnal, pagkontrol ng amoy, pagtatasa ng kondisyon, at pagkukumpuni.

## Mahahalagang Deadline

Kung nais mong iprotesta ang mga iminumungkahing pagbabago sa rate ng Serbisyo sa Sanitary Sewer at Paggamit, dapat mong gawin ang sumusunod para maisama ang iyong protesta sa opisyal na bilang na inihaharap sa Konseho ng Lungsod. Kung may protesta ng mayorya, hindi pagtitibayin ng Konseho ng Lungsod ang pagtaas. Ang iyong protesta ay dapat:

- **Matanggap ng Lungsod nang nakasulat** bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig sa Hunyo 4, 2024.
- **Nakasaad ang (mga) Numero ng Parsela ng Tagasuri** ng (mga) ari-arian na iyong pagmamay-ari na napapailalim sa iminungkahing pagsasaayos ng rate. Ang iyong numero ng parsela ay naka-print sa taas ng cover letter.
- **Malinaw na sabihin na ikaw ay nagpoprotesta** sa iminungkahing pagbabago ng rate.

Ang mga protesta ay dapat iharap nang personal sa pampublikong pagdinig o isumite sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa anyo ng liham, fax, o email:

| Koreo | Fax | Email |
|---|---|---|
| Sewer Services Rate Increase<br>City of San José – Office of the City Clerk<br>200 E. Santa Clara St., 14th Floor<br>San José, California 95113-1905 | (408) 292-6207<br>Sewer Services Rate Increase | SewerRateProtest@sanjoseca.gov |

**Legal na Hamon:** Mayroong 120-araw na batas sa mga limitasyon upang hamunin ang anumang bago, pagtaas, o pinalawak na bayad o singil.

**Iskedyul ng mga Iminumungkahing Rate ng mga Singil sa Serbisyo ng Sewer at Paggamit**

| MGA KATEGORYA NG MGA RATE PARA SA RESIDENSYAL NA KUSTOMER | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| GAMIT (TIRAHAN) | MGA KASALUKUYANG RATE | | MGA IMINUMUNGKAHING RATE (Epektibo ng Hulyo 1, 2024) | | BUWANANG SINGIL |
| | Kada Buwan* | Kada Taon | Kada Buwan* | Kada Taon | |
| Tirahan para sa Solong Pamilya | $45.49 | $545.88 | $49.59 | $595.08 | $4.10 |
| Tirahan para sa Maraming Pamilya (kada yunit) | $30.48 | $365.75 | $33.23 | $398.76 | $2.75 |
| Mobile Home (kada yunit) | $34.34 | $412.08 | $37.44 | $449.28 | $3.10 |

*Ang buwanang singil ay ginagamit para sa pagbaha-bahagi ng bahagyang pagbabago sa taon.

**MGA SINGIL SA SERBISYO NG SEWER AT PAGGAMIT**
**ISKEDYUL NG MGA IMINUMUNGKAHING RATE**

| MGA RATE NA PANG-INSTITUSYON, PANG-KOMERSIYO, AT PANG-INDUSTRIYA (mas mababa sa 25,000 galon kada araw) | | | |
|---|---|---|---|
| PAGGAMIT | MGA KASALUKUYANG RATE | MGA IMINUMUNGKAHING RATE (Epektibo ng Hulyo 1, 2024) | PORSIYENTO NG PAGTAAS |
| | Singil Kada Isang Daang Cubic Feet ng Sewage Discharged | Singil Kada Isang Daang Cubic Feet ng Sewage Discharged | |
| Mga Meat Packer | $6.17 | $6.60 | 6.97% |
| Mga Pakyawang Panaderya | $7.52 | $8.47 | 12.63% |
| Mga Bottler ng Soft Drink | $7.58 | $8.39 | 10.69% |
| Gawaan ng Alak | $13.08 | $16.31 | 24.69% |
| Mga Paper Pulp Mill | $9.31 | $11.30 | 21.37% |
| Plating Works | $4.34 | $4.10 | -5.53% |
| Electrical Equipment | $4.85 | $4.84 | -0.21% |
| Mga Machinery Manufacturer | $6.33 | $7.01 | 10.74% |
| Film Service Laboratories | $4.77 | $4.76 | -0.21% |
| Soft Water Services | $4.39 | $4.14 | -5.69% |
| Car Washes | $4.67 | $4.55 | -2.57% |
| Mga Automotive Steam Cleaner | $8.45 | $10.16 | 20.24% |
| Mga Printing Plant | $6.09 | $6.66 | 9.36% |
| Mga Restaurant/Deli | $8.29 | $9.88 | 19.18% |
| Mga Hotel-Motel | $5.03 | $5.18 | 2.98% |
| Mga Hospital at Convalescent Home | $4.85 | $4.95 | 2.06% |
| Mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo & Unibersidad | $5.82 | $6.06 | 4.12% |
| Mga Pampublikong Paaralan, Kolehiyo & Unibersidad | $5.82 | $6.06 | 4.12% |
| Mga Repair Shop & Service Station | $5.12 | $5.31 | 3.71% |
| Mga Domestic Laundry | $4.55 | $4.51 | -0.88% |
| Retail, Commercial Office, atbp. | $4.84 | $4.83 | -0.21% |
| Mga Business Office/Condo | $4.84 | $4.83 | -0.21% |
| Mga Ahensiya ng Gobyerno | $4.84 | $4.83 | -0.21% |
| Medical Center/Clinic | $4.96 | $4.96 | 0.00% |
| Mga Beauty Salon | $5.08 | $5.18 | 1.97% |
| Mga Commercial & Department Store | $5.08 | $5.18 | 1.97% |
| Storage/Warehouse | $4.74 | $4.80 | 1.27% |
| Pangangalagang Pangkalusugan | $4.88 | $4.98 | 2.05% |
| Mga Teatro | $4.98 | $5.17 | 3.82% |
| Mga Serbisyo ng Asosasyon/Komunidad | $4.84 | $4.83 | -0.21% |
| Mga Business Park | $4.99 | $4.99 | 0.00% |
| Building Construction/Field Office | $4.99 | $4.99 | 0.00% |
| Mga Parking Lot | $4.52 | $4.47 | -1.11% |
| Mga Gas Service Station | $4.96 | $5.13 | 3.43% |

| MGA RATE NA PANG-INSTITUSYON, PANG-KOMERSIYO, AT PANG-INDUSTRIYA<br>(mas mababa sa 25,000 galon kada araw) Patuloy<br>(Epektibo ng Hulyo 1, 2024) | | | |
|---|---|---|---|
| **PAGGAMIT** | **MGA KASALUKUYANG RATE** | **MGA IMINUMUNGKAHING RATE** | **PORSIYENTO NG PAGTAAS** |
| | **Singil Kada Isang Daang Cubic Feet ng Sewage Discharged** | **Singil Kada Isang Daang Cubic Feet ng Sewage Discharged** | |
| Mga Auto Showroom, Body Shop, Detail, at Trucking | $5.35 | $5.64 | 5.42% |
| Manufacturing ng mga Produkto ng Pintura | $4.99 | $4.99 | 0.00% |
| Mga Kompanya ng Konkreto | $4.99 | $4.99 | 0.00% |
| Mga Industriya sa General Manufacturing | $4.99 | $4.99 | 0.00% |
| Chemical Manufacturing | $4.99 | $4.99 | 0.00% |
| Mga Pub | $5.21 | $5.41 | 3.84% |
| Athletic Club, Fitness | $4.74 | $4.80 | 1.27% |
| Mga Sementeryo | $4.74 | $4.80 | 1.27% |
| Mga Country Club (Golf) | $4.98 | $5.16 | 3.61% |
| Mga Lounge, Club, Billiard | $4.99 | $5.17 | 3.61% |
| Mga Convenience Store | $4.74 | $4.80 | 1.27% |
| Boarding/Rooming | $5.09 | $5.28 | 3.73% |
| Mga Cleaner (Commercial Laundry) | $6.00 | $6.52 | 8.67% |
| Mga Plaza/Mall | $5.35 | $5.68 | 6.17% |
| Nursery (Mga Grower) | $5.69 | $6.10 | 7.21% |
| Mga Laboratoryo (Pang-komersiyo & Pang-industriya) | $5.81 | $6.12 | 5.34% |
| Café & Ice Creams | $8.99 | $10.59 | 17.80% |
| Mga Donut & Panaderya | $8.99 | $10.59 | 17.80% |
| Mga Groseri sa Supermarket | $7.99 | $9.56 | 19.65% |
| Mortuary (Pag-embalsamo) | $7.99 | $9.56 | 19.65% |
| Catering | $8.44 | $9.99 | 18.36% |
| Iba-ibang Pang-komersiyo, Pang-Iinstitusyon, at Pang-industriya | $4.84 | $4.83 | -0.21% |